

OSPITAL NG IMUS

CITIZEN'S CHARTER 2022



OSPITAL NG IMUS

EXTERNAL SERVICES



PAGPROSESO NG ADMISYON NG PASYENTE

Ang Admitting Department ay ang nagproproseso ng admisyon ng pasyente mula sa Emergency Department hanggang Nursing Ward. Ito ay inaasahang makapaghatid ng kalidad na serbisyo mula sa admisyon ng pasyente hanggang ito ay makalabas ng Ospital ng Imus. Maipalamang maipaintindi ng maayos sa mga pasyente at kamag-anak nito ang kanilang mga karapatan at responsibilidad habang sila ay nasa ospital.

OPISINA o DIBISYON	Ospital ng Imus - Admitting Department			
KLASIPIKASYON	Simple			
URI NG TRANSAKSYON	G2C – Government to Citizens; G2G – Government to Government			
SINO ANG NANGANGAILANGAN NG SERBISYO	Lahat			
TSEKLIST NG KAILANGANG DOKUMENTO		SAAN MAKUKUHA		
Patient Data Sheet (L3-ADM-001-1/2)		Admitting Department		
Patient Informed Consent (L3-ADM-001-5/4)		Admitting Department		
Patient's Watcher Consent Form (L3-ADM-001-8/3)		Admitting Department		
COVID Ward Waiver Form (L3-ADM-001-10/1)		Admitting Department		
Admission Slip (L3-EMD-001-2/1)		Emergency Department		
Government Issued ID o Valid ID		Pangasiwaan/ Ahensya ng Gobyerno na nagbibigay ng Valid ID		
Resulta ng Rapid Antigen Test		Laboratory Department		
HAKBANG NG KLIYENTE	AKSYON NG AHENSYA	HALAGA NG BABAYARAN	TAGAL NG AKTIBIDAD	TAONG NAKATALAGA
1. Pumunta sa Admitting Department para asikasuhin ang admisyon ng pasyente dala ang Admission Slip (L3-EMD-001-2/1) na nakasulat ang numero ng posibleng kwarto para sa pasyente na manggagaling sa Emergency Department at ang resulta ng Rapid Antigen Test (Anti-body/Antigen) ng	1.1 Ipaalam at tanungin sa pasyente o kamag-anak ng pasyente ukol sa kwartong kanilang maaaring pagpilian (depende sa kaso) at rate nito.	Wala	2 minuto	Administrative Officer I Clerk III Admitting Department
	1.2 Itawag sa Ward Nurse on duty para ipaalam na may ia-admit na pasyente.	Wala	1 minuto	
	1.3 Tawagan ang Nurse sa Emergency Department upang ipaalam ang tamang kwartong pag-aadmitan ng pasyente at para ma-verify kung may kaukulang babayaran pa ito.	Wala	1 minuto	



magbabantay sa pasyente.	1.4 Alamin ang mga pangunahing impormasyon ng pasyente at itala sa Patient Data Sheet (L3-ADM-001-1/1).	Wala	15 minuto	
	1.5 Kuhaan ng litrato ang magbabantay para sa Watcher's ID.	Wala	1 minuto	
2. Magbigay ng isang (1) Government Issued o valid ID.	2. Patunayan ang mga kailangang impormasyon.	Wala	1 minuto	Administrative Officer I Clerk III Admitting Department
3. Basahin, intindihin at pirmahan ang Patient Informed Consent (L3-ADM-001-5/4) para sa admisyon ng pasyente (maaaring ang magbabantay o alinmang kamag-anak na nasa tamang edad ang pumirma kung hindi kaya ng mismong pasyente).	3. Ipaliwanag ng maayos ang nilalaman ng Patient Informed Consent (L3-ADM-001-5/4) para sa admisyon ng pasyente at Patient's Watcher Consent Form (L3-ADM-001-8/3) at COVID Ward Waiver Form (L3-ADM-001-10/1) para sa magbabantay. 3.1 Para sa magbabantay, basahin, intindihin at pirmahan ang Patient's Watcher Consent Form (L3-ADM-001-8/3) at COVID Ward Waiver Form (L3-ADM-001-10/1).	Wala	15 minuto	Administrative Officer I Clerk III Admitting Department
4. Ipagbigay alam sa Admitting Personnel kung may Philhealth o wala ang pasyente.	4. Tanungin kung may Philhealth ba o wala ang pasyente. Papuntahin ang pasyente o kamag-anak sa Benefits Section para maverify at malaman ang proseso ng Philhealth at ang mga dapat gawin.	Wala	1 minuto	Administrative Officer I Clerk III Admitting Department
5. Bumalik sa Admitting Department at tanggapin ang Patient ID Band, Patient Data Sheet (L3-ADM-001-1/2), Patient Informed Consent (L3-ADM-001-5/4), Patient's Watcher Consent Form (L3-ADM-001-8/3) at COVID	5. Ibigay ang Patient ID Band, Patient Data Sheet (L3-ADM-001-1/2), Patient Informed Consent (L3-ADM-001-5/4), Patient's Watcher Consent Form (L3-ADM-001-8/3), COVID Ward Waiver Form (L3-ADM-001-10/1) at ang Admission Kit sa pasyente o kamag-anak ng pasyente at pabalikin sa Emergency Department.	Wala	1 minuto	Administrative Officer I Clerk III Admitting Department



Ward Waiver Form (L3-ADM-001-10/1) at ang Admission Kit. Ito ay ibibigay sa Nurse on duty sa Emergency Department.				
Sagutan ang Client Satisfaction Rating Form				
KABUUAN		Wala	38 minuto	



BEREPIKASYON NG ESTADO O KALAGAYAN NG PHILHEALTH MEMBERSHIP

Pag-alam sa estado o kalagayan ng Philhealth Membership sa pamamagitan ng Philhealth Portal upang malaman kung maaaring mabigyan ng benepisyo ang pasyente ng nasabing ahensya.

OPISINA o DIBISYON	Ospital ng Imus – Benefits Section			
KLASIPIKASYON	Simple			
URI NG TRANSAKSYON	G2C – Government to Citizen			
SINO ANG NANGANGAILANGAN NG SERBISYO	Mga kasapi o miyembro ng PhilHealth o kumakatawan sa kanila			
TSEKLIST NG KAILANGANG DOKUMENTO		SAAN MAKUKUHA		
Philhealth ID		PhilHealth - Local Health Insurance Office		
Member's Data Record (MDR) ng miyembro		PhilHealth – Local Health Insurance Office		
Government Issued ID ng miyembro o Valid ID		Pangasiwaan/ Ahensya ng Gobyerno na nagbibigay ng Valid ID		
HAKBANG NG KLIYENTE	AKSYON NG AHENSYA	HALAGA NG BABAYARAN	TAGAL NG AKTIBIDAD	TAONG NAKATALAGA
1. Ipasa ang PhilHealth ID, Member's Data Record (MDR) o Government Issued ID (alin man sa tatlo) ng miyembro.	1.1 Tanggapin ang pagkakakilanlan upang beripikahin sa PhilHealth Portal.	Wala	1 minuto	Clerk I Administrative Assistant II Administrative Officer I Benefit Section
	1.2 Buksan ang Philhealth Portal at hanapin ang pangalan o Philhealth number ng miyembro.	Wala	7 minuto	
2. Tanggapin ang resulta ng berepikasyon at makinig sa paliwanag ng Philhealth Personnel.	2. Iprint ang resulta ng berepikasyon at ipaliwanag sa kliyente ang nilalaman nito. Kapag ang resulta ay nagsasaad na hindi maaaring gamitin ang benepisyo, ipaalam ang mga kailangang gawin ayon sa Philhealth.	Wala	5 minuto	Clerk I Administrative Assistant II Administrative Officer I Benefit Section
Sagutan ang Client Satisfaction Rating Form				
KABUUAN		Wala	13 minuto	



PAGPROSESO NG PHILHEALTH INSURANCE BENEFIT

Pagproseso ng mga dokumento at kailangang impormasyon ng pasyente upang magamit ang inilaan na benepisyong ng Philhealth base sa pagsusuri na isinagawa ng doktor.

OPISINA o DIBISYON	Ospital ng Imus – Benefits Section			
KLASIPIKASYON	Simple			
URI NG TRANSAKSYON	G2C – Government to Citizens			
SINO ANG NANGANGAILANGAN NG SERBISYO	Mga kasapi o miyembro ng PhilHealth o kumakatawan sa kanila			
TSEKLIST NG KAILANGANG DOKUMENTO			SAAN MAKUKUHA	
Claim Signature Form (CSF)			Ospital ng Imus - Benefits Section	
Claim Form 2 (CF2)			Ospital ng Imus - Benefits Section	
Philhealth Benefit Eligibility			Ospital ng Imus - Benefits Section	
Certification of Non-Admission to Other Hospitals and Waiver of Liability (L3-PHI-001-6/0)			Ospital ng Imus - Benefits Section	
HAKBANG NG KLIYENTE	AKSYON NG AHENSYA	HALAGA NG BABAYARAN	TAGAL NG AKTIBIDAD	TAONG NAKATALAGA
1. Magtungo sa Benefits Section Window upang punan ang mga kinakailangang dokumento (CSF, CF1, CF2, PBEF at Certification of Non-Admission to Other Hospitals and Waiver of Liability (L3-PHI-001-6/0).	1. Magprint ng CSF, CF2 at PBEF mula sa Philhealth Information System at ibigay sa kinatawan ng pasyente upang kumpletuhin ang mga kailangang impormasyon.	Wala	7 minuto	Clerk I Administrative Assistant II Administrative Officer I Benefit Section
2. Kumpletuhin ang mga kailangang impormasyon sa ibinigay na mga dokumento at ibalik sa Benefits Section Personnel.	2. Tingnan kung kumpleto ang mga impormasyon na kailangan at tanggapin ang mga dokumento.	Wala	5 minuto	Clerk I Administrative Assistant II Administrative Officer Benefit Section
Sagutan ang Client Satisfaction Rating Form				
KABUUAN		Wala	12 minuto	



PAGTATANONG TUNGKOL SA BILL NG PASYENTE

Ito ay upang malaman kung magkano na ang humigit o kumulang na babayaran ng pasyente.

OPISINA o DIBISYON		Ospital ng Imus - Billing Section		
KLASIPIKASYON		Simple		
URI NG TRANSAKSYON		G2C – Government to Citizen		
SINO ANG NANGANGAILANGAN NG SERBISYO		Pasyente		
TSEKLIST NG KAILANGANG DOKUMENTO		SAAN MAKUKUHA		
Patient Information Slip (L3-ADM-001-6/1)		Outpatient Department; Emergency Department; Admitting Department		
Government Issued ID o Valid ID		Pangasiwaan/ Ahensya ng Gobyerno na nagbibigay ng Valid ID		
HAKBANG NG KLIYENTE	AKSYON NG AHENSYA	HALAGA NG BABAYARAN	TAGAL NG AKTIBIDAD	TAONG NAKATALAGA
1. Pumunta sa Billing Section ng Ospital upang magtanong tungkol sa kanilang babayaran. Ipakita ang Patient Information Slip (L3-ADM-001-6/1) o anumang Government Issued o Valid ID ng pasyente.	1.1 Hanapin ang Patient Information Slip (L3-ADM-001-6/1) ng pasyente. Kung wala ito, maaaring pasulatin ang pasyente/kamag-anak ng buong pangalan ng pasyente sa log sheet.	Wala	2 minuto	Records Officer I Clerk IV Accounting Clerk II Billing Section
	1.2 Hanapin ang pangalan ng pasyente sa Hospital Information System (HIS) at iberipika ang kwarto ng pasyente. Iprint ang Statement of Account (SOA) at/o Itemized Bill (depende sa kahilingan ng pasyente).	Wala	3 minuto	
2. Kuhanin at dalhin ang SOA at suriin ang mga babayaran.	2. Ibigay ang SOA sa pasyente/kamag-anak ng pasyente.	Wala	1 minuto	Records Officer I Clerk IV Accounting Clerk II Billing Section
Sagutan ang Client Satisfaction Rating Form				
KABUUAN		Wala	6 minuto	



PAGPROSESO NG BILL NG PASYENTE (PASYENTE SA EMERGENCY DEPARTMENT)

Ito ay upang makuha ang pinal na babayaran ng pasyente sa Emergency Department at mabayaran sa Cashier.

OPISINA o DIBISYON	Ospital ng Imus - Billing Section			
KLASIPIKASYON	Simple			
URI NG TRANSAKSYON	G2C – Government to Citizen			
SINO ANG NANGANGAILANGAN NG SERBISYO	Ospital ng Imus – Pasyente			
TSEKLIST NG KAILANGANG DOKUMENTO		SAAN MAKUKUHA		
Patient Information Slip (L3-ADM-001-6/1)		Out Patient Department; Emergency Department; Admitting Department		
Government Issued ID o Valid ID		Pangasiwaan/ Ahensya ng Gobyerno na nagbibigay ng Valid ID		
Senior Citizen ID		Local Government Unit - Office of the Senior Citizen's Affair		
Person with Disability (PWD) ID		Local Government Unit – Persons with Disability Affairs Office		
HAKBANG NG KLIYENTE	AKSYON NG AHENSYA	HALAGA NG BABAYARAN	TAGAL NG AKTIBIDAD	TAONG NAKATALAGA
1. Naabisuhan ang pasyente na maaari na siyang umuwi.	1.1 Tawagan sa telepono at abisuhan ang Billing Staff na ang pasyente ay handa nang pauwiin at nai-tag nang May Go Home (MGH) sa Hospital Information System (HIS).	Wala	1 minuto	Nurse I Emergency Department
	1.2 Suriin ang profile ng pasyente. Ang mga angkop na diskwento ay ibibigay sa mga Senior Citizen o PWD na pasyente.	Wala	2 minuto	Records Officer I Clerk IV Accounting Clerk II Billing Department
	1.3 Iprint ang Statement of Account (SOA) at Itemized Bill.	Wala	1 minuto	
	1.4 Tawagan ang Emergency Department Staff at ipasabi sa pasyente/kamag-anak na maaari na nilang kunin ang SOA sa Billing Section.	Wala	1 minuto	



2. Pumunta sa Billing Section at ipakita ang Patient Information Slip (L3-ADM-001-6/1) o Government Issued ID o Valid ID, at ang Senior Citizen ID o PWD ID, anuman ang naaangkop.	2. Iencode ang Senior Citizen o PWD ID number kung hindi pa ito nakalagay sa Hospital Information System (HIS).	Wala	2 minuto	Records Officer I Clerk IV Accounting Clerk II Billing Department
3. Kunin ang SOA.	3. Ibigay ang printed SOA sa pasyente/kamag-anak ng pasyente, papirmahin at papuntahin sa Cashier upang magbayad. Kung walang babayaran sa bill, magbigay ng Patient's Clearance Form (L3-ADM-001-4/1) at pabalikin sa Emergency Department.	Wala	1 minuto	Records Officer I Clerk IV Accounting Clerk II Billing Department
KABUUAN		Wala	8 minuto	



PAGPROSESO NG BILL NG NAKAADMIT NA PASYENTE

Ito ay upang makuha ang pinal na bill ng nakaadmit na pasyente at mabayaran sa Cashier.

OPISINA o DIBISYON	Ospital ng Imus - Billing Section			
KLASIPIKASYON	Simple			
URI NG TRANSAKSYON	G2C – Government to Citizen			
SINO ANG NANGANGAILANGAN NG SERBISYO	Pasyente			
TSEKLIST NG KAILANGANG DOKUMENTO			SAAN MAKUKUHA	
Professional Fee Form (L3-ADM-001-3/0)			Ospital ng Imus – Nursing Ward	
Patient Discharge Slip (L3-NSD-001-12/0)			Ospital ng Imus – Nursing Ward	
Person with Disability (PWD) ID			Local Government Unit - Office of the Senior Citizen's Affair	
Senior Citizen ID			Local Government Unit	
HAKBANG NG KLIYENTE	AKSYON NG AHENSYA	HALAGA NG BABAYARAN	TAGAL NG AKTIBIDAD	TAONG NAKATALAGA
1. Naabisuhan ang pasyente na maaari na siyang umuwi.	1.1 Tawagan sa telepono at abisuhan ang Billing Staff na ang pasyente ay handa nang pauwiin at nai-tag nang May Go Home (MGH) sa Hospital Information System (HIS).	Wala	1 minuto	Nurse I Nursing Ward
	1.2 Suriin ang profile ng pasyente at bilangin kung tama ang bilang ng araw ng kwarto. Ang mga angkop na diskwento ay ibibigay sa mga Senior Citizen o PWD na pasyente.	Wala	3 minuto	Records Officer I Clerk IV Accounting Clerk II Billing Section
2. Pumunta sa Billing Section upang isumite ang mga kailangang dokumento.	2.1 Tanggapin ang Professional Fee Form (L3-ADM-001-3/0), Patient Discharge Slip (L3-NSD-001-12/0) at ang Senior Citizen ID/PWD ID (kung naaangkop).	Wala	1 minuto	Records Officer I Clerk IV Accounting Clerk II Billing Section
	2.2 Berepikahin kung ang nakasulat sa Professional Fee Form (L3-ADM-001-3/0) at ang nasa Hospital Information System (HIS)	Wala	2 minuto	



	na pangalan ng mga doktor ay magkatulad.			
3. Pumunta sa Benefits Section upang magpasa ng mga kailangang dokumento.	3.1 Kung ang pasyente ay may Philhealth, papuntahin sa Benefits Section upang isumite ang mga kailangang dokumento.	Wala	1 minuto	Records Officer I Clerk IV Accounting Clerk II Billing Section
	3.2 Ibawas ang mga angkop na diskwento ng Philhealth.	Wala	2 minuto	
4. Tanggapin ang Statement of Account (SOA) at pumunta sa Medical Social Service Department.	4. Isaayos at kumpletuhin ang bill ng pasyente, iprint ang SOA at papuntahin ang pasyente sa Medical Social Service Department.	Wala	1 minuto	Records Officer I Clerk IV Accounting Clerk II Billing Section
5. Bumalik sa Billing Section upang malaman ang diskwento na binigay ng Medical Social Service Personnel base sa klasipikasyon ng pasyente.	5.1 Ibigay ang mga karagdagang diskwento base sa pagsang-ayon ng Medical Social Service Personnel at iprint ang final SOA at itemized bill.	Wala	3 minuto	Records Officer I Clerk IV Accounting Clerk II Billing Section
	5.2 Ipaliwanag ang lahat ng babayaran. Papirmahin ang pasyente/kamag-anak ng pasyente sa SOA para sa Benefits Section, Cashier at Billing Section.	Wala	4 minuto	
	5.3 Papuntahin ang pasyente/kamag-anak ng pasyente sa Cashier upang magbayad. Kung walang babayaran sa bill, magbigay ng Patient's Clearance Form (L3-ADM-001-4/1) at pabalikin sa Nursing Ward.	Wala	1 minuto	
Sagutan ang Client Satisfaction Rating Form				
KABUUAN		Wala	19 minuto	



PAGPROSESO NG BILL SA OUTPATIENT DEPARTMENT NG OPERATING ROOM (OR)/ DELIVERY ROOM (DR)/ HEMODIALYSIS

Ito ay upang makuha ang pinal na bill sa Outpatient Department ng Operating Room/ Delivery Room o Hemodialysis Section na pasyente at mabayaran sa Cashier.

OPISINA o DIBISYON		Ospital ng Imus - Billing Section		
KLASIPIKASYON		Simple		
URI NG TRANSAKSYON		G2C – Government to Citizen		
SINO ANG NANGANGAILANGAN NG SERBISYO		Pasyente		
TSEKLIST NG KAILANGANG DOKUMENTO		SAAN MAKUKUHA		
Professional Fee Form (L3-ADM-001-3/0)		Ospital ng Imus - Operating Room; Ospital ng Imus - Delivery Room; Ospital ng Imus – Hemodialysis		
Person with Disability (PWD) ID		Local Government Unit – Persons with Disability Affairs Office		
Senior Citizen ID		Local Government Unit - Office of the Senior Citizen's Affair		
HAKBANG NG KLIYENTE	AKSYON NG AHENSYA	HALAGA NG BABAYARAN	TAGAL NG AKTIBIDAD	TAONG NAKATALAGA
1. Naabisuhan ang pasyente na maaari na siyang umuwi.	1.1 Tawagan sa telepono at abisuhan ang Billing Staff na ang pasyente ay handa nang pauwiin at nai-tag na nang May Go Home (MGH) sa Hospital Information System (HIS).	Wala	1 minuto	Nurse I OR/DR/Hemodialysis
	1.2 Suriin ang profile ng pasyente. Ang mga angkop na diskwento ay ibibigay sa mga Senior Citizen o PWD na pasyente.	Wala	3 minuto	Records Officer I Clerk IV Accounting Clerk II Billing Section
2. Pumunta sa Billing Section upang isumite ang mga kailangang dokumento.	2.1 Tanggapin ang Professional Fee Form (L3-ADM-001-3/0) at ang Senior Citizen ID/PWD ID (kung naaangkop).	Wala	1 minuto	Records Officer I Clerk IV Accounting Clerk II Billing Section
	2.2 Berepikahin kung ang nakasulat sa Professional Fee Form (L3-ADM-001-3/0) at ang nasa Hospital Information	Wala	2 minuto	



	System(HIS) na pangalan ng mga doktor ay magkatulad.			
3. Pumunta sa Benefits Section upang magpasa ng mga kailangang dokumento.	3.1 Kung ang pasyente ay may Philhealth, papuntahin sa Benefits Section upang isumite ang mga kailangang dokumento.	Wala	1 minuto	Records Officer I Clerk IV Accounting Clerk II Billing Section
	3.2 Ibawas ang mga angkop na diskwento ng Philhealth. Iprint ang final Statement of Account (SOA) at itemized bill.	Wala	2 minuto	
4. Bumalik sa Billing Section upang kunin ang pinal na bill.	4.1 Ipaliwanag ang lahat ng babayaran. Papirmahin ang pasyente/kamag-anak ng pasyente sa SOA para sa Benefits Section, Cashier at Billing Section.	Wala	4 minuto	Records Officer I Clerk IV Accounting Clerk II Billing Section
	4.2 Papuntahin ang pasyente/kamag-anak ng pasyente sa Cashier upang magbayad. Kung walang babayaran sa bill, magbigay ng Patient's Clearance Form (L3-ADM-001-4/1) at pabalikin sa OR/ DR o Hemodialysis.	Wala	1 minuto	Records Officer I Clerk IV Accounting Clerk II Billing Section
Sagutan ang Client Satisfaction Rating Form				
KABUUAN		Wala	15 minuto	



PAGTANGGAP NG BAYAD SA OUTPATIENT NA MGA TRANSAKSYON (PASYENTE SA OUTPATIENT DEPARTMENT)

Ito ay pagtanggap ng bayad para sa gamot, eksaminasyon sa laboratoryo, dayagnostikong proseso, at iba pa sa Outpatient na mga transaksyon.

OPISINA o DIBISYON	Ospital ng Imus - Cash Operations Department			
KLASIPIKASYON	Simple			
URI NG TRANSAKSYON	G2C – Government to Citizens			
SINO ANG NANGANGAILANGAN NG SERBISYO	Pasyente o Kamag-anak ng Pasyente sa Outpatient Department			
TSEKLIST NG KAILANGANG DOKUMENTO		SAAN MAKUKUHA		
Alinman sa mga sumusunod: <ul style="list-style-type: none"> • Order of Payment Slip • Pharmacy Charge Slip • Laboratory Charge Slip • Dental Charge Slip • X-ray Charge Slip • Ultrasound Charge Slip • Request 		Outpatient Department Pharmacy Department Laboratory Department Radiology Department Radiology Department Radiology Department Attending Physician		
Senior Citizen ID		Local Government Unit - Office of the Senior Citizen's Affair		
Persons with Disability (PWD) ID		Local Government Unit – Persons with Disability Affairs Office		
HAKBANG NG KLIYENTE	AKSYON NG AHENSYA	HALAGA NG BABAYARAN	TAGAL NG AKTIBIDAD	TAONG NAKATALAGA
1. Ipakita ang babayaran sa ospital na nakasaad sa alinman sa sumusunod: <ol style="list-style-type: none"> a. Request b. Order of Payment Slip c. Pharmacy Charge Slip d. Laboratory Charge Slip e. Dental Charge Slip f. X-ray Charge Slip g. Ultrasound Charge Slip 	1.1 Tanggapin ang mga babayaran sa ospital na nakasaad sa alinman sa sumusunod: <ol style="list-style-type: none"> a. Request b. Order of Payment Slip c. Pharmacy Charge Slip d. Laboratory Charge Slip e. Dental Charge Slip f. X-ray Charge Slip g. Ultrasound Charge Slip 	Wala	2 minuto	Cashier I Cash Operations Department



	1.2 Tingnan at ikumpara ang nakasulat na halaga sa charge slip at sa presyo na nakalagay sa Hospital Information System (HIS).	Wala	2 minuto	
	1.3 Kwentahin ang kabuuang halaga ng babayaran.	Wala	2 minuto	
	1.4 Alamin ang rates sa bawat kategorya ng pasyente na maaaring makakuha ng diskwento.	Wala	1 minuto	
2. Para sa diskwento (kung meron), ipakita ang Senior Citizen o PWD ID.	2. Tanggapin ang mga kaugnay na dokumento para patunayan na ang pasyente ay Senior Citizen o PWD.	Wala	2 minuto	Cashier I Cash Operations Department
3. Magbayad ng kaukulang babayaran.	3. Tanggapin ang bayad, ihanda ang opisyal na resibo at tatakan ng "Paid" ang request form o charge slip.	Base sa halaga ng nakonsumo na gamit, gamot o pasilidad	3 minuto	Cashier I Cash Operations Department
4. Tanggapin ang opisyal na resibo kasama ang request form o charge slip.	4. Sabihan ang pasyente na pumunta kung saan gagawin ang eksaminasyon o kuhanin ang gamot.	Wala	1 minuto	Cashier I Cash operations Department
KABUUAN		Base sa halaga ng nakonsumo na gamit, gamot o pasilidad	13 minuto	



PAGTANGGAP NG BAYAD SA EMERGENCY NA MGA TRANSAKSYON (PASYENTE SA EMERGENCY DEPARTMENT)

Ito ay pagtanggap ng bayad para sa gamot, eksaminasyon sa laboratoryo at dayagnostikong proseso na nagamit o nakonsumo ng pasyente mula sa Emergency Department.

OPISINA o DIBISYON		Ospital ng Imus - Cash Operations Department		
KLASIPIKASYON		Simple		
URI NG TRANSAKSYON		G2C – Government to Citizens		
SINO ANG NANGANGAILANGAN NG SERBISYO		Pasyente o Kamag-anak ng Pasyente sa Emergency Department		
TSEKLIST NG KAILANGANG DOKUMENTO		SAAN MAKUKUHA		
Final Statement of Account		Billing Section; Cash Operations Department		
Government Issued ID o Valid ID		Pangasiwaan/ Ahensya ng Gobyerno na nagbibigay ng Valid ID		
Persons with Disability (PWD) ID		Local Government Unit – Persons with Disability Affairs Office		
Senior Citizen ID		Local Government Unit – Office of the Senior Citizen's Affair		
Promissory Note (L3-CAS-001-3/3)		Cash Operations Department		
HAKBANG NG KLIYENTE	AKSYON NG AHENSYA	HALAGA NG BABAYARAN	TAGAL NG AKTIBIDAD	TAONG NAKATALAGA
1. Ipakita ang babayaran sa ospital: a. Final Statement of Account mula sa Billing Section para sa 8:00am-5:00pm na transaksyon; o b. Final Statement of Account mula Cash Operations Department para sa lagpas ng 5:00pm na transaksyon	1.1 Tanggapin ang Final Statement of Account mula sa pasyente. 1.2 Tingnan ang klasepikasyon ng pasyente sa Statement of Account. 1.3 Kwentahin ang kabuuang halaga ng babayaran.	Wala Wala Wala	1 minuto 2 minuto 5 minuto	Cashier I Cash Operations Department
2A. Para sa may pambayad: Bayaran ang kabuuang halaga ng babayaran.	2A. Tanggapin ang bayad, ihanda ang opisyal na resibo at tatakan ng "PAID" ang request form.	Base sa halaga ng nakonsumo na gamit, gamot o pasilidad	2 minuto	Cashier I Cash Operations Department
2B. Para sa walang pambayad: • Para sa 8:00am hanggang 5:00pm na transaksyon, pumunta sa Medical Social	2B. Para sa transaksyon mula 8:00am hanggang 5:00pm, pumunta sa Medical Social Services. Para sa lagpas ng 5:00pm na transaksyon,	Wala	5 minuto	



<p>Services Department upang humingi ng tulong.</p> <ul style="list-style-type: none"> Para sa lagpas 5:00pm na transaksyon, sagutan ang mga hinihinging impormasyon sa Promissory Note (L3-CAS-001-3/3). 	<p>tanggapin ang Promissory Note (L3-CAS-001-3/3) at isyuhan ng tatlong (3) kopya ng Patient's Clearance Form (L3-ADM-001-4/1) at sabihan na bumalik kinabukasan para sa makausap at masuri ng Medical Social Services Department.</p>			
<p>3. Tanggapin ang ospiyal na resibo kasama ang kopya ng Final Statement of Account at tatlong (3) kopya ng Patient's Clearance Form (L3-ADM-001-4/1). Ibigay ito sa Nurse on Duty sa Emergency Department at Security Guard.</p>	<p>3. Sabihan ang pasyente na pumunta sa Emergency Department at ibigay ang Patient's Clearance Form (L3-ADM-001-4/1) sa nakaduty na Nurse at Security Guard.</p>	Wala	1 minuto	Cashier I Cash Operations Department
KABUUAN		Base sa halaga ng nakonsumo na gamit, gamot o pasilidad	16 minuto	



PAGTANGGAP NG BAYAD SA INPATIENT NA MGA TRANSAKSYON

Ito ay pagtanggap ng bayad para sa gamot, eksaminasyon sa laboratory at diyagnostikong proseso, at iba pa mula sa Inpatient na mga transaksyon.

OPISINA o DIBISYON		Ospital ng Imus - Cash Operations Department		
KLASIPIKASYON		Simple		
URI NG TRANSAKSYON		G2C – Government to Citizens		
SINO ANG NANGANGAILANGAN NG SERBISYO		Pasyente o Kamag-anak ng Pasyente		
TSEKLIST NG KAILANGANG DOKUMENTO		SAAN MAKUKUHA		
Final Statement of Account		Billing Section		
Patient Discharge Slip (L3-NSD-001-12/0)		Nursing Ward		
Persons with Disability (PWD) ID		Local Government Unit - Persons with Disability Affairs Office		
Senior Citizen ID		Local Government Unit – Office of the Senior Citizen's Affair		
HAKBANG NG KLIYENTE	AKSYON NG AHENSYA	HALAGA NG BABAYARAN	TAGAL NG AKTIBIDAD	TAONG NAKATALAGA
1. Ipakita ang Final Statement of Account.	1.1 Tanggapin ang Final Statement of Account.	Wala	1 minuto	Cashier I Cash Operations Department
	1.2 Tingnan ang klasepikasyon ng pasyente sa Final Statement of Account.	Wala	3 minuto	
	1.3 Kwentahin ang kabuuang halaga ng babayaran.	Wala	5 minuto	
2. Bayaran ang kaukulang halaga ng babayaran.	2. Tanggapin ang bayad, ihanda ang opisyal na resibo at tatakan ng "PAID" ang final statement of account. Magbigay ng tatlong (3) kopya ng Patient's Clearance Form (L3-ADM-001-4/1).	Base sa halaga ng nakonsumo na gamit, gamot o pasilidad	5 minuto	Cashier I Cash Operations Department
3. Tanggapin ang opisyal na resibo kasama ang tatlong (3) kopya ng Patient's Clearance Form (L3-ADM-001-4/1) at ibigay sa Nurse sa Nursing Ward.	3. Sabihan ang pasyente na pumunta sa Nursing Ward at ibigay ang Patient's Clearance Form (L3-ADM-001-4/1).	Wala	1 minuto	Cashier I Cash Operations Department
		KABUUAN	Base sa halaga ng nakonsumo	15 minuto



PROSESO NG PAGPAPATALA NG PASYENTE SA DIALYSIS CENTER

Ito ay proseso kung saan ang pasyente ay ipinatatala upang mabigyan ng pwesto para sa dialysis treatment.

OPISINA o DIBISYON	Ospital ng Imus – Dialysis Center
KLASIPIKASYON	Simple
URI NG TRANSAKSYON	G2C – Government to Citizens
SINO ANG NANGANGAILANGAN NG SERBISYO	Lahat
TSEKLIST NG KAILANGANG DOKUMENTO PARA SA DIALYSIS CENTER	SAAN MAKUKUHA
Pinakabagong tatlong (3) kopya ng Monitoring Sheet mula sa pinanggalingang Dialysis Center (para sa mga bagong pasyente)	Pinanggalingang Dialysis Center
Medical Abstract	
Listahan ng iniinom na gamot ng Pasyente	
Rekord ng bakuna	
Pinakabagong resulta ng laboratoryo (hindi lalagpas ng isang (1) buwan)	Laboratoryo kung saan ginawa ang eksaminasyon
Complete Blood Count, Blood Chemistry (Creatinine, BUN, Na, K, P, Albumin, at iba pa)	Laboratoryo kung saan ginawa ang eksaminasyon
Hepatitis Profile (hindi lalagpas ng anim (6) na buwan) <ul style="list-style-type: none"> • HbsAg • Anti-Hbs • Anti-HCV • Chest X-ray- hindi lalagpas ng isang buwan • Pinakabagong RT-PCR (swab test) – hindi lalagpas ng labing apat (14 araw) o dalawang lingo (2 linggo) • Blood Typing 	Laboratoryo kung saan ginawa ang eksaminasyon
Hemodialysis Order ng Attending Nephrologist	Attending Nephrologist
Certificate of Indigency (kung naaangkop)	Baranggay na Kinasasakupan ng Pasyente
KAILANGAN DOKUMENTO PARA SA PHILHEALTH	SAAN MAKUKUHA
PDD Confirmation Letter (kung naka-enrol)	Philhealth
PhilHealth – Member's Data Record (MDR)	Philhealth
Pinakabagong resibo ng PhilHealth Contribution (para sa mga nagtrabaho at self-paying)	Philhealth
Certification (number of dialysis sessions)	Pinanggalingang Dialysis Center
Birth Certificate	PSA (Philippine Statistics Authority)



Government Issued ID o Valid ID		Pangasiwaan/ Ahensya ng Gobyerno na nagbibigay ng Valid ID		
HAKBANG NG KLIYENTE	AKSYON NG AHENSYA	HALAGA NG BABAYARAN	TAGAL NG AKTIBIDAD	TAONG NAKATALAGA
1. Pagsumite ng mga kinakailangang dokumento.	1. Suriin ang mga dokumentong isinumite ng pasyente o kamag-anak ng pasyente kung ito ay kumpleto at naayon.	Wala	10 minuto	Nurse I Dialysis Center
2. Ipakita sa Nephrologist ang mga dokumentong isinumite.	2.1 Ipakita sa Nephrologist ang mga dokumentong isinumite ng pasyente o ng kamag-anak ng pasyente.	Wala	30 minuto	Nurse I Nephrologist Dialysis Center
	2.2 Sakaling aprubahan ng Nephrologist ang mga dokumento, ang pasyente ay maaari ng bigyan ng iskedyl ng dialysis kung may bakanteng petsa at oras.	Wala	5 minuto	Nurse I Dialysis Department
	2.3 Kung walang bakanteng slot para sa pagpapadialysis, ilista ang pasyente sa waiting list at abisuhan na lamang kung mayroon ng bakante. Habang wala pang bakante, ang pasyente ay abisuhan na magpadialysis muna sa ibang center.	Wala	2 minuto	Nurse I Dialysis Department
KABUUAN		Wala	47 minuto	



PAGSASAGAWA NG HEMODIALYSIS TREATMENT

Proseso kung saan ang dugo ng pasyente ay nililinis ng artipisyal na bato upang magamit ulit.

OPISINA o DIBISYON	Ospital ng Imus – Dialysis Center			
KLASIPIKASYON	Simple			
URI NG TRANSAKSYON	G2C – Government to Citizens			
SINO ANG NANGANGAILANGAN NG SERBISYO	Lahat			
HAKBANG NG KLIYENTE			SAAN MAKUKUHA	
Doctor's Order Sheet (L3-HEM-001-1/1)			Ospital ng Imus – Dialysis Center	
Hemodialysis Monitoring Sheet (L3-HEM-001-29/1)			Ospital ng Imus – Dialysis Center	
Laboratory Flow Sheet (L3-HEM-001-3/1)			Ospital ng Imus – Dialysis Center	
Informed Consent for Hemodialysis (L3-HEM-001-5/1)			Ospital ng Imus – Dialysis Center	
Hemodialysis Standing Order Sheet (L3-HEM-001-6/1)			Ospital ng Imus – Dialysis Center	
Hemodialysis Medication Sheet (L3-HEM-001-7/1)			Ospital ng Imus – Dialysis Center	
Problem List (L3-HEM-001-9/1)			Ospital ng Imus – Dialysis Center	
Hepatitis Profile (L3-HEM-001-10/1)			Ospital ng Imus – Dialysis Center	
Hemodialysis Clinical Abstract (L3-HEM-001-11/1)			Ospital ng Imus – Dialysis Center	
Hemodialysis Patient Education (L3-HEM-001-12/1)			Ospital ng Imus – Dialysis Center	
Consultation/ Hospitalization Sheet (L3-HEM-001-13/1)			Ospital ng Imus – Dialysis Center	
Dietary Assessment (L3-HEM-001-14/1)			Ospital ng Imus – Dialysis Center	
Advance Directive (L3-HEM-001-16/1)			Ospital ng Imus – Dialysis Center	
X-ray Report			Ospital kung saan nagpagawa ng X-ray	
HAKBANG NG KLIYENTE	AKSYON NG AHENSYA	HALAGA NG BABAYARAN	TAGAL NG AKTIBIDAD	TAONG NAKATALAGA
1. Lagdaan ang dokumento na nagbibigay ng pahintulot na isagawa ang dialysis procedure.	1.1 Magpapirma ng Informed Consent for Hemodialysis (L3-HEM-001-5/1) sa pasyente o kamag-anak nito kung hindi makayang pumirma ng pasyente. Ang Nurse ay magsisilbing saksi sa pagpirma ng pahintulot.	Wala	3 minuto	Nurse I Dialysis Center



	1.2 Magpaliwanag ng mga inaprubahang patakaran at pamamaraan sa pagsasagawa ng dialysis.	Wala	10 minuto	Nurse I Dialysis Center
2. Magtimbang upang makuha ang pre-weight.	2. Samahan ang pasyente sa pagtimbang para makita ang pre-weight.	Wala	1 minuto	Nurse I Dialysis Center
3. Umupo sa dialysis bed.	3.1 Kuhaan ng vital signs ang pasyente bago ang simula ng dialysis treatment. Kung may nakitang hindi normal sa vital signs ng pasyente, ito ay agad na ipagbigay alam sa Physician on Duty o Nephrologist. Kung normal naman ang vital sign ng pasyente ay maaari nang simulan ang dialysis treatment.	Wala	3 minuto	Nurse I Physician on Duty Nephrologist Dialysis Center
	3.2 Kung ang pasyente ay naka fistula o graft, linisin at suriin ang access kung ito ay may thrill at bruit. Kung ang pasyente ay naka-catheter, ang balot ng catheter ay buksan at linisin ng mabuti.	Wala	10 minuto	Nurse I Dialysis Center
	3.3 Kung ang pasyente ay natusukan na ng karayom sa fistula/graft o nalinisan na ang catheter, maaari nang simulan ang dialysis treatment.	Wala	4 oras	
	3.4 Magcheck ng vital signs tuwing ika-tatlumpung (30) minuto ng dialysis treatment o madalas kung kinakailangan. Anumang pagbabagong mapapansin sa vital signs ng pasyente ay ipagbigay-alam kaagad sa Physician on Duty o Nephrologist.	Wala	4 minuto	



	<p>3.5 Kapag natapos na ng pasyente ang apat (4) na oras na dialysis treatment, ang dugong natira sa linya ay ibalik lahat sa pasyente. Kapag naibalik na ang dugo, ang pasyente ay kuhanan ng panghuling vital signs. Anumang pagbabagong mapapansin sa vital signs ng pasyente ay ipagbigay-alam kaagad sa Physician on Duty o Nephrologist.</p> <p>3.6 Ang pasyenteng nakafistula o graft ay tanggalan ng karayom at ampatan ng sampung (10) minuto o higit pa depende sa pagdurugo.</p> <p>3.7 Linisin ang catheter ng mabuti, lagyan ng cover ang port at balutin ng maayos upang hindi mabasa o maimpeksyon.</p>	Wala	5 minuto	Nurse I Physician on Duty Nephrologist Dialysis Center
		Wala	15 minuto	Nurse I Dialysis Center
		Wala	5 minuto	
4. Kung mayroong dalang iniksyon (Erythropoietin) ang pasyente na pampataas ng hemoglobin, ibigay ito sa Nurse.	4.1 Ibigay ang iniksyon na pampataas ng hemoglobin kung ito ay may order ng doktor.	Wala	1 minuto	Nurse I Dialysis Center
	4.2 Tanggalin ang mga linya sa dialysis machine at idisinfekt ang mga makina pagkatapos ng dialysis treatment ng pasyente.	Wala	3 minuto	Nurse I Dialysis Technician Dialysis Center
KABUUAN		Wala	5 oras	



PAGDISCHARGE NG PASYENTE SA DIALYSIS CENTER

Ito ay proseso kung saan inihahanda ang pasyente sa kanyang pag-uwi pagkatapos ng dialysis treatment.

OPISINA o DIBISYON	Ospital ng Imus – Dialysis Center			
KLASIPIKASYON	Simple			
URI NG TRANSAKSYON	G2C – Government to Citizens			
SINO ANG NANGANGAILANGAN NG SERBISYO	Lahat			
HAKBANG NG KLIYENTE		SAAN MAKUKUHA		
Professional Fee Form (L3-ADM-001-3/0) Patient's Clearance Form (L3-ADM-001-4/1)		Ospital ng Imus – Dialysis Center Cashier		
HAKBANG NG KLIYENTE	AKSYON NG AHENSYA	HALAGA NG BABAYARAN	TAGAL NG AKTIBIDAD	TAONG NAKATALAGA
1. Ang pasyente o kamag anak ay maghanda sa pag-uwi.	1.1 Magbigay ng instruksyon ng mga kailangang sundin ng pasyente.	Wala	2 minuto	Nurse I Administrative Aide IV Dialysis Center
	1.2 I-tag ang pasyente sa Hospital Information System (HIS) ng may-go-home at tawagan ang Billing Section upang ipagbigay-alam na tapos na ang dialysis treatment.	Wala	1 minuto	Nurse I Administrative Aide IV Dialysis Center Records Officer I Billing Section
2. Tumungo sa Billing Section para ibigay ang Professional Fee Form (L3-ADM-001-3/0).	2. Ibigay ang Professional Fee Form (L3-ADM-001-3/0) sa pasyente o kamag-anak at ituro kung nasaan ang Billing Section kung saan makukuha ang Patient's Clearance Form (L3-ADM-001-4/1).	Wala	3 minuto	Nurse I Administrative Aide IV Dialysis Center
3. Bumalik sa Dialysis Center upang ibigay ang Patient's Clearance Form (L3-ADM-001-4/1) sa Dialysis Nurse at Security Guard.	3. Kunin ang Patient's Clearance Form (L3-ADM-001-4/1) mula sa pasyente o kamag-anak nito at kumpletuhin lahat ang patient's chart.	Wala	5 minuto	Nurse I Administrative Aide IV Dialysis Department



4. Alamin ang susunod na iskedyul ng dialysis treatment at maari nang umuwi.	4. Sabihan ang pasyente na maari na siyang umuwi at ibigay ang iskedyul para sa susunod na dialysis treatment.	Wala	3 minuto	Nurse I Administrative Aide IV Dialysis Center
KABUUAN		Wala	14 minuto	



PAGTANGGAP NG PASYENTE SA EMERGENCY DEPARTMENT

Ang Emergency Department ay responsable sa pagbibigay ng agarang lunas sa mga pasyenteng nangangailangan nito. Ito ay inaasahang makakapagbigay ng kalidad na serbisyo, maabot ang inaasahang satisfaksyon ng pasyente, makapaghatid ng agarang lunas sa mga alalahanin ng pasyente tungkol sa kanilang kalusugan.

OPISINA o DIBISYON	Ospital ng Imus – Emergency Department			
KLASIPIKASYON	Simple			
URI NG TRANSAKSYON	G2C – Government to Citizens			
SINO ANG NANGANGAILANGAN NG SERBISYO	Lahat ng Pasyenteng dinadala sa Emergency Department (ED)			
TSEKLIST NG KAILANGANG DOKUMENTO		SAAN MAKUKUHA		
Emergency Department Data Sheet (L3-EMD-001-1/6)		Emergency Department		
Prescription Pad (L3-MED-001-1/0)		Emergency Department		
Admission Slip (L3-EMD-001-2/1)		Emergency Department		
HAKBANG NG KLIYENTE	AKSYON NG AHENSYA	HALAGA NG BABAYARAN	TAGAL NG AKTIBIDAD	TAONG NAKATALAGA
1. Pumunta sa Emergency Department ng Ospital ng Imus.	1.1 Dalhin ang pasyente sa Triage Area. Kunin ang detalye at vital signs at ipaalam sa Medical Officer III.	Wala	6 minuto	Security Guard Security Department
	1.2 Suriin ang pasyente at gawin ang lahat ng order ng Medical Officer III kasama na ang mga pagsusuring medikal (laboratory, x-ray, ultrasound, mammogram).	Wala	1 oras at 30 minuto	Nurse I Nursing Service Department
	1.3 Suriin ang resulta ng pagsusuring medikal na ginawa sa pasyente. Tukuyin ang disposisyon ng pasyente kung ito ay maari ng pauwiin o kailangang iadmit.	Wala	14 minuto	Medical Officer III Medical Department



2. Kung ang pasyente ay maari ng umuwi, papuntahin sa Billing/ Cashier at bayaran ang kaukulang babayaran.	2. Kung ang pasyente ay maari ng umuwi, itawag sa Billing Section upang iproseso ang babayaran ng pasyente.	Depende sa halaga ng eksaminasyon, gamot at gamit	10 minuto	Nurse I Nursing Service Department
3. Kunin ang reseta sa doktor o nurse.	3. Bigyan ng reseta ng gamot (kung ito ay naaangkop).	Wala	5 minuto	Medical Officer III Medical Department Nurse I Nursing Service Department
4. Kung ang pasyente ay kailangang iadmit, pumunta sa Admitting Department dala ang Admission Slip (L3-EMD-001-2/1) para sa pagproseso ng admisyon ng pasyente.	4. Kung ang pasyente ay kailangang iadmit, ito ay ipaalam sa Admitting Department para maproseso ang admisyon ng pasyente.	Wala	5 minuto	Nurse I Nursing Service Department
KABUUAN		Depende sa halaga ng eksaminasyon, gamot at gamit	2 oras, 10 minuto	



PAGRELEASE NG KATAWAN NG NAMATAY NA PASYENTE

Ito ay pagdokumento ng paglabas at pagbibigay ng labi ng pasyente sa Ospital ng Imus sa magseserbisyong punerarya.

OPISINA o DIBISYON		Ospital ng Imus – Emergency Department		
KLASIPIKASYON		Simple		
URI NG TRANSAKSYON		G2C – Government to Citizens		
SINO ANG NANGANGAILANGAN NG SERBISYO		Namatay na pasyente		
TSEKLIST NG KAILANGANG DOKUMENTO		SAAN MAKUKUHA		
Patient's Clearance Form (L3-ADM-001-4/1)		Cash Operations Department; Billing Section		
Release of the Body Form (L3-NSD-001-15/3)		Emergency Department		
HAKBANG NG KLIYENTE	AKSYON NG AHENSYA	HALAGA NG BABAYARAN	TAGAL NG AKTIBIDAD	TAONG NAKATALAGA
1. Nalaman ng kamag-anak ang pagkamatay ng pasyente.	1.1 Kumpirmahin ang pagkamatay ng pasyente sa pamamagitan ng "Flat Line" sa ECG Tracing at ipaalam sa kamag-anak ng pasyente.	Wala	5 minuto	Medical Officer III Medical Department
	1.2 Idokumento ang lahat ng detalye ng pagkamatay ng pasyente.	Wala	5 minuto	Nurse I Nursing Service Department Medical Officer III Medical Department
	1.3 Kung ang pasyente ay walang sintomas ng COVID-19, isagawa ang "post-mortem care".	Wala	10 minuto	Nurse I Nursing Service Department
	1.4 Kung ang pasyente ay may sintomas ng COVID-19, itawag sa Laboratory Department para masagawa ang RT-PCR bago ilagay ang labi sa Cadaver Bag.	Wala	2 minuto	Nurse I Nursing Service Department



2. Bayaran ang kaukulang babayaran ng pasyente.	2. Ayusin ang lahat ng babayaran sa Hospital Information System (HIS) at itawag sa Billing Section upang maiyos ang babayaran ng pasyente.	Depende sa halaga ng eksaminasyon, gamot at gamit	5 minuto	Nurse I Nursing Service Department
3. Asikasuhin ang punerarya na magseserbisyo sa namatay na kamag-anak.	3. Dalhin sa cadaver holding area ang bangkay habang inaantay ang pagdating ng magseserbisyo na punerarya.	Wala	5 minuto	Nurse I Nursing Service Department GSO Personnel
KABUUAN		Depende sa halaga ng eksaminasyon, gamot at gamit	32 minuto	



PAGLIPAT NG PASYENTE SA IBANG OSPITAL

Ito ay ang paglipat ng pasyente sa ibang ospital sa kadahilanang may mga eksaminasyon, pamamaraan ng paggamot na hindi angkop sa Level 1 na ospital.

OPISINA o DIBISYON	Ospital ng Imus – Emergency Department			
KLASIPIKASYON	Simple			
URI NG TRANSAKSYON	G2C – Government to Citizens			
SINO ANG NANGANGAILANGAN NG SERBISYO	Pasyente na kailangang lumipat ng Ospital			
TSEKLIST NG KAILANGANG DOKUMENTO		SAAN MAKUKUHA		
Medical Abstract or Discharge Summary (L3-MED-001-3/1)		Emergency Department		
Institutional Referral Form (L3-NSD-001-6/1)		Emergency Department		
Release from Responsibility (L3-EMD-001-8/2)		Emergency Department		
Ambulance Conduction Form (L3-EMD-001-10/2)		Emergency Department		
HAKBANG NG KLIYENTE	AKSYON NG AHENSYA	HALAGA NG BABAYARAN	TAGAL NG AKTIBIDAD	TAONG NAKATALAGA
1. Nagdesisyon na ilipat ang pasyente sa ibang ospital o nalaman na kailangang mailipat ang pasyente sa ibang ospital.	1.1 Asikasuhin at kumpletuhin ang lahat ng kailangang dokumento tulad ng Medical Abstract or Discharge Summary (L3-MED-001-3/1) at Institutional Referral Form (L3-NSD-001-6/1).	Wala	10 minuto	Nurse I Nursing Service Department
	1.2 Itawag sa ibang ospital ang paglipat ng pasyente at ang kalagayan nito. Ipaalam sa driver ng ambulansya ang paglipat ng pasyente sa ibang ospital.	Wala	10 minuto	Medical Officer III Medical Department
	1.3 Magfill-up ng Ambulance Conduction Form(L3-EMD-001-10/2).	Wala	2 minuto	Nurse I Nursing Service Department
				Driver I Nursing Service Department



				<p>Nurse I Nursing Service Department</p> <p>Medical Officer III Medical Department</p> <p>Security Guard Security Department</p>
2. Makinig at pirmahan ang Release from Responsibility (L3-EMD-001-8/2).	2. Ipaliwanag at papirmahan sa pasyente o kamag-anak ang Institutional Referral Form (L3-NSD-001-6/1).	Wala	5 minuto	Nurse I Nursing Service Department
3. Magbayad ng kaukulang babayaran.	<p>3.1 Ayusin ang lahat ng babayaran sa Hospital Information System (HIS) at itawag sa Billing Section upang maiayos ang kaukulang babayaran ng pasyente.</p> <p>3.2 Ilipat ang pasyente sa ibang ospital.</p>	<p>Depende sa halaga ng eksaminasyon, gamot at gamit</p> <p>Wala</p>	<p>5 minuto (stop time)</p> <p>Depende sa distansya ng paglilipatang Ospital</p>	<p>Nurse I Nursing Service Department</p> <p>Ms. Alicia C. Camama Supervising Officer, NSD</p> <p>Nurse I Nursing Service Department</p> <p>Medical Officer III Medical department</p> <p>Driver I Nursing Service Department</p>
KABUUAN		Depende sa halaga ng eksaminasyon, gamot at gamit	32 minuto	



PAGDISCHARGE NG PASYENTE SA EMERGENCY DEPARTMENT

Ito ay ang pagpapalabas ng pasyente sa ospital pagkatapos mabigyan ng karampatang lunas at makitaan ng senyales na maaari na itong makauwi.

OPISINA o DIBISYON	Ospital ng Imus – Emergency Department			
KLASIPIKASYON	Simple			
URI NG TRANSAKSYON	G2C – Government to Citizens			
SINO ANG NANGANGAILANGAN NG SERBISYO	Mga Pasyente sa Emergency Department (ED)			
TSEKLIST NG KAILANGANG DOKUMENTO		SAAN MAKUKUHA		
Doctor's Order Sheet (L3-MED-001-4/0)		Emergency Department		
Emergency Patient Data Sheet (L3-EMD-001-1/6)		Emergency Department		
Prescription Pad (L3-MED-001-1/0)		Emergency Department		
Statement of Account		Billing Section (8:00am hanggang 5:00pm); Cash operations Department (5:01pm hanggang 7:59am)		
HAKBANG NG KLIYENTE	AKSYON NG AHENSYA	HALAGA NG BABAYARAN	TAGAL NG AKTIBIDAD	TAONG NAKATALAGA
1. Nabigyan ng karampatang lunas ang pasyente at handa ng umuwi.	1.1 Mag-isyu ng May Go Home Order.	Wala	5 minuto	Medical Officer III Medical Department
	1.2 Kumpletuhin lahat ng babayaran at ilagay sa Hospital Information System (HIS) na pwede na umuwi ang pasyente at tawagan ang Billing Section para iproseso ang kaukulang babayaran ng pasyente.	Wala	5 minuto	Nurse I Nursing Service Department
	1.3 Iproseso ang kaukulang babayaran ng pasyente at tawagan ang Nurse sa Emergency Department para papuntahin ang kamag-anak sa Billing Section.	Wala	4 minuto	Accounting Clerk II Billing Section



	1.4 Papuntahin ang kamag-anak ng pasyente sa Billing Section.	Wala	1 minuto	Nurse I Nursing Service Department
2. Pumunta sa Billing Section upang kuhanin ang Final Statement of Account (SOA).	2. Mag-issue ng SOA at papuntahin ang kamag-anak ng pasyente sa Cashier upang magbayad.	Wala	1 minuto	Accounting Clerk II Billing Section
3. Pumunta sa Cashier upang magbayad.	3. Tanggapin ang bayad at mag-issue ng opisyal na resibo at dalawang (2) Patient's Clearance Form (L3-ADM-001-4/1).	Depende sa halaga ng eksaminasyon, gamot at gamit	3 minuto	Cashier I Cash Operations Department
4. Kung ang pasyente ay maari ng umuwi, kunin ang reseta sa doktor o nurse.	4. Kung ang pasyente ay maari ng umuwi, ibigay at ipaliwanag ang reseta ng gamot (kung ito ay naaangkop).	Wala	3 minuto	Nurse I Nursing Service Department Medical Officer III Medical Department
5. Ibigay ang Patient's Clearance Form (L3-ADM-001-4/1) sa Nurse at Security Guard at maari ng umuwi.	5. Idischarge sa Hospital Information System (HIS) ang pangalan ng pasyente at gabayan palabas ng Emergency Department.	Wala	3 minuto	Cashier I Cash Operations Department Nurse I Nursing Service Department Security Guard Security Department
KABUUAN		Depende sa halaga ng eksaminasyon, gamot at gamit	25 minuto	



GABAY SA PAGSUMITE NG REQUEST AT PAGKUHA NG RESULTA SA LABORATORYO

Ito ay pagproseso ng mga pagsusuring medikal sa laboratoryo na kailangan ng pasyente upang mabigyan ng tamang lunas ng doktor. Ang layunin ng Laboratory Department ay makapagbigay ng tama at wastong resulta ng pagsusuring medikal sa itinakdang oras na magagamit ng doktor bilang basehan sa pagbibigay ng karampatang lunas sa pasyente. Makapagbigay ng gabay sa mga pasyente at kamag-anak nito sa pagsumite ng kahilingang pagsusuring medikal hanggang pagkuha ng resulta.

OPISINA o DIBISYON	Ospital ng Imus – Laboratory Department			
KLASIPIKASYON	Simple			
URI NG TRANSAKSYON	G2C – Government to Citizens; G2B - Government to Businesses; G2G – Government to Government			
SINO ANG NANGANGAILANGAN NG SERBISYO	Lahat ng Pasyenteng Nangangailangan ng Pagsusuring Medikal sa Laboratoryo			
TSEKLIST NG KAILANGANG DOKUMENTO		SAAN MAKUKUHA		
Laboratory Request Form (L3-LAB-001-1/0)		Laboratory Department; Emergency Department; Outpatient Department		
